

保護者の皆さまへ

1 お子さまの感染防止対策をお願いします

Kahilingan ukol sa mga hakbang sa prebensyun sa impeksyun

- ✓ Para sa pag iingat o prebensyun upang maiwasan ang mahawa sa kumakalat na sakit na corona virus para sa mga kabataan at mag aaral (higit sa lahat ngayong darating na bakasyon sa panahon ng tag init). Nasa ibaba po ang aming ilang payo ukol dito.

Hinihiling namin sa mga magulang ng mga kabataan, mag aaral ang tamang pag gabay at pagpapaliwanag ng mabuti tungkol sa mga prebensyun, upang maintindihan nila at magkaroon ng wastong pag unawa ukol dito.

- Kahit na hindi papasok sa paaralan ang mga bata ay hinihiling parin namin ang pag check sa kalusugan ng bata, at itala sa 「Health check card 【revised edition】」
- Kapag may pag aalala ukol sa kaluasugan higit sa lahat sa mga sintomas ay hinihiling namin na itawag ito agad at magpatingin kaagad sa malapit na institusyong medikal.
- Kapag kinakailangan na mag PCR check ang bata o kung sino man sa pamilya nito, kung maari ay ipagbigay alam agad ito. (Itawag sa paaralan kung saan pumapasok ang bata)

(Basahin din ang likurang bahagi)

2 学校でも感染防止対策に取り組みます。

Maging ang paaralan ay may konsentrasyon ukol sa mga hakbang/prebensyun sa nakakahawang sakit/impeksyun

- ✓ Ang paaralan maging ang mga guro, (para sa darating na bakasyon sa tag init) ay asahan ninyo ang pag sisikap para sa prebensyun ng impeksyun sa loob ng paaralan. Hinihiling po naming ang inyong pag unawa at suporta ukol dito.

3 ご自身の感染防止対策をお願いします。Hinhiling po

namin ang inyong sariling pagtupad sa prebensyun ukol sa nakakahawang sakit/impeksyun

- ✓ Para sa hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyun (COVID 19), hinihiling po namin ang pakikiisa sa pag iingat hindi lamang ng mga bata o mag aaral kundi maging ng magulang at buong pamilya.

夏休みを迎える皆さんへ Kabataan · mag aaral

Para sa lahat ngayong paparating na bakasyon sa tag init

1 感染防止対策の基本を徹底しよう

Mga kailangan nating sundin na pag iingat/prebensyun

- ✓ 「social distancing」 「pagsusuot ng mask」 「wastong pag huhugas ng kamay」 ay ating ugaliin.
- ✓ Iwasan ang 3 C' s ito na maaring mag dulot ng malaking pag asa ng pagkahawa, 「kulob o walang pumapasok na hangin sa loob ng silid」 「pag uumpukan」 「pag kakalapit sa isat isa」

2 自らの体調チェックを徹底しよう

Kinakailangang pag check sa ating kalusugan

- ✓ 「Health Check Card【Revised edition】」 ay gamitin at kailangan nating suriin ang kondisyon ng ating kalusugan araw araw.
 - Kapag may napansin na isa lamang sa mga sintomas ay huwag ng lumahok sa extracurricular activities (club) at magpahinga na lamang sa bahay.
 - Higit sa lahat sa mga sintomas na nakakabahala tulad ng (mataas na lagnat, pagkaramdam ng pamimigat ng katawan at nahihirapan sa pag hinga, walang panlasa at pang amoy, at pagpatuloy na pagkakaroon ng katamtamang lagnat) at ipagbigay sa paaralan at magpatingin kaagad sa medical institution (ospital)
 - At kapag kinakailangan na mag PCR test ang bata o sino man sa loob ng pamilya at ipagbigay alam kagaad sa paaralang pinapasukan ng bata.

(Sa mga paaralang nakatanggap ng ganitong impormasyon ay kailangan ipag bigay alam ito sa Board of Education) (Basahin ang likurang bahagi)

3 家庭や学校外の施設での感染防止対策を徹底しよう

Para sa kinakailangan pag iingat sa pasilidad maliban sa paaralan at loob ng tahanan

- ✓ Kahit sa labas ng tahanan ay ugaliin ang bintilasyon o pag papalit ng hangin sa loob ng silid, pag iwas sa malapitang pag uusap, at pagkain sa labas kung saan maraming makakasalamuhang mas nakakatanda.
- ✓ Kapag pupunta sa mga pasilidad maliban sa paaralan, tulad ng aklatan(library) at tutorial school) ay kailangang gumamit ng mask, kinakailangan ang pagkakaroon ng hakbang sa pag iingat upang hindi mahawaan ng impeksyun.
- ✓ Magkaroon ng pag iingat sa mga aktibidad tulad ng pag punta sa mga karaoke kung saan mataas ang risk na mahawaan ng sakit/impeksyun.

4 県をまたぐ不要不急の外出は慎重にしよう

Pag isipan ang pag labas ng Prefecture para di importante at makakapaghintay na lakad.

- ✓ Iwasan ang pag labas sa prefecture at pag punta sa mga lugar kung saan mataas ang bilang ng may mga may nakakahawang sakit, tulad ng Nagoya. Pag isipan natin ang pagpapaliban sa mga hindi importanteng lakad.